Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. EDGARDO T. PORCA ............ Kagawad
Gumangap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco ............ Pang. Punong Bayan
nasa lakas opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 067-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 21-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL CENTRAL NA HUMIHILING NA MAKAPAGTAYO NG PERYAHAN AT CIDERA SA NASABING BARANGAY MULA SA IKA-10 HANGGANG IKA-25 NG ABRIL, 1999 BILANG PAGDIRIWANG SA KAPISTAHAN NG BARANGAY.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 21-T'99 ng Sanggunian Barangay ng Santo Angel Central na humihiling na makapagtayo ng peryahan at cidera mula sa ika-10 hanggang ika-25 ng Abril, ng taong ito, bilang pagdiriwang sa kapistahan ng barangay;

SAPAGKA'T, matapos ang pagtalakay at mapatunayan na ang pagtatayuan ng nasabing peryahan at cidera ay isang pribadong lupa na sakop ng nabanggit na barangay ay ipinasya ng sangguniang ito na pagtibayin ang nasabing kapasiyahan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar, Louie C. de Leon at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 21-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na humihiling na makapagtayo ng peryahan at cidera sa nasabing barangay mula sa ika-10 hanggang ika-25 ng Abril, 1999 bilang pagdiriwang sa kapistahan ng barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Brgy. Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EDGARDO T. PORCA
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ____
DATE 4-12-99